# PRAYMER SA PAGLAHOK NG MAMAMAYAN SA HALALANG 2025




CenPEG

*Published by*
Center for People Empowerment in Governance, Inc.
*with the support of* Taiwan Foundation for Democracy

TAIWAN FOUNDATION for DEMOCRACY
臺灣民主基金會

# PRAYMER SA PAGLAHOK NG MAMAMAYAN SA HALALANG 2025



Layunin ng praymer na ito na maiangat ang kamulatang pampulitika ng mamamayan at kanilang pagkilos bilang mga botante upang magdulot ng makabuluhang pagbabago sa bansa.

## 1) ANO ANG KATANGIAN NG ELEKSYON SA PILIPINAS?

Ang eleksyon ay isang demokratikong proseso ng pagpili ng mamumuno sa ating bansa. Layunin ng halalan na bigyan ng karapatan ang mamamayan na malayang makapamili at makapagluklok ng mga lider na kakatawan at tutugon sa kanilang interes at pangangailangan.

Subalit sa kasaysayan, ang mga eleksyon ay pinakikinabangan at pinaghaharian ng mga *trapo*, dinastiya, malalaking negosyante at mayayamang asyendero. Naging instrumento ng mga naghaharing ito ang halalan para patindihin ang pagsasamantala at pang-aapi sa mamamayan. Nagsilbi lamang ang halalan para mapagtibay ang kapangyarihan ng iilang naghaharing ito sa pamamagitan ng pagbubuo ng mga batas, patakaran at programa na pabor sa kanilang interes.

Samantala, pinagkakaitan ng pagkakataong kumandidato at mahalal ang masang anakpawis o ang kanilang mga kinatawan, na walang sapat na rekurso para makipagsabayan sa kampanyang nananaig ang dahas at salapi *(guns, goons and gold)*.

Ilusyon ang kalayaan ng pagboto sa kasalukuyang sistema ng halalan. Sa katunayan, limitado ang pinipili ng taumbayan sa kung sino ang bago o dating mang-aapi o magsasamantala sa kanila. Ito ay dahil nananaig sa eleksyon ang salapi, impluwensya at sistemang padrino na matagal nang itinanim sa kamalayan ng mamamayan. Pinagkakaitan ang taumbayan na kilatisin at iboto ang mga kandidato o partido batay sa kanilang mga programa at plataporma.




GUNS, GOONS, AND GOLD

Umiiral ang malawakang pandaraya sa anyo ng pamimili ng boto, panlilinlang at panunuhol. Panibagong anyo ng pandaraya ang manipulasyon ng elektronik na bilangan ng boto o ang *automated election system* (AES). Lantarang ginagamit ng malalaking angkang pulitika ang militar at pulis bilang mga *private army* upang gipitin at dahasin ang mamamayan upang iluklok ang kanilang amo.

Malaki ang papel ng Estados Unidos (US) sa kasalukuyang sistema ng halalan. Sa katunayan, ang sistemang elektoral sa Pilipinas ay itinayo ng US noong sakupin nito ang bansa.

- Sa ilalim ng kolonyalistang US idinaos ang unang halalan para sa pambansang asembliya noong 1907. Itinakda ng US na tanging ang mga lokal na naghaharing uri ang mga may karapatang bumoto at mahalal, na bumubuo lamang ng 1 % ng populasyon
- Sinuportahan ng Amerika ang mga hakbang para patalsikin sa Kongreso ang Democratic Alliance, alyansa ng mga progresibong mambabatas na kumakatawan sa interes ng batayang sektor.
- Isa rin ang US Chamber of Commerce sa mga unang nagpugay kay dating Pangulong Ferdinand Marcos sa pagdedeklara nito ng batas militar noong 1972
- Agaran ding kinilala ng US ang *legitimacy* ng mga nagdaang kumandidato sa pagkapresidente sa kabila ng mga kwestyon at anomalyang bumalot sa kanilang pagkahalal, tulad nina dating presidente Gloria Macapagal-Arroyo at kasalukuyang Pangulong Ferdinand Marcos Jr.

Gayundin, ang mga may-ari at namamahala ng kasalukuyang botohan sa Pilipinas ay mga dayuhan at pribadong kumpanya (SMARTMATIC, MIRU)

Hindi na nakapagtatakang sa kabila ng makailang-beses nang mga halalan ay nananatiling sadlak sa kahirapan ang bayang Pilipinas. Paulit-ulit ang mga pangakong paulit-ulit ding napapako.




Ang Pilipinas ay nangunguna pa rin sa mga sumusunod:

- Korupsyon: pang-115 sa mga gubyernong tapat sa buong mundo (Transparency International's 2023 Corruption Index
- Kagutuman: Ika-3 sa buong Timog Silangang Asya sa kawalan ng kasiguruhan sa pagkain (44.1% ng populasyon ang food insecure)
- Kaguluhan at Karahasan: ika-104 sa 163 bansa sa usapin ng kapayapaan (Global Peace Index 2024)
- Kahirapan: 63% ng populasyon sa bansa ang itinuturing ang sarili bilang mahirap (self-rated poverty) – pinakamataas sa loob ng 21 taon (datos mula Disyembe 2024)

## 2) SA KABILA NA HALOS WALANG AASAHAN SA ELEKSIYON, BAKIT DAPAT TAYONG LUMAHOK SA HALALANG 2025?

Mahalagang igiit ng mamamayan ang kanilang karapatang bumoto ngayong halalang 2025 laluna sa harap ng lumalalang kalagayang pang-ekonomya at pampulitika ng bansa.

Walang awat ang pagtaas ng presyo ng mga batayang bilihin at pangangailangan, laluna ng bigas. Laganap ang pang-aagaw ng lupa mula sa mga magsasaka. Bagsak ang kabuhayan at walang trabaho ang karamihan. Nagbibingi-bingihan ang gubyerno sa panawagan para sa makabuluhang dagdag-sahod.

Linalapastangan kapwa ng US at Tsina ang soberanya ng bansa. Habang nananawagan ang mamamayan ng mapayapa at diplomatikong paraan para resolbahin ang sigalot sa West Philippine Sea, patuloy na sinusunod ng administrasyon ang patakarang gera ng Estados Unidos.

Sa gitna ng lumulubhang kundisyon ng pamumuhay ng mamamayan at banta ng gera, sinasamantala ng mga Marcos at mga Duterte ang halalang 2025 upang mag-agawan sa kapangyarihan. Nagbabatuhan ng putik ang mga Marcos at Duterte sa iba't ibang anomalya ng korupsyon at krimen. Ang halalang 2025 ay kritikal sa pagpapanatili ng mga Marcos sa kapangyarihan o pag-agaw nito ng mga Duterte. Nais ni Marcos na mapagtibay ang hawak sa poder samantalang gamit ang natitirang impluwensya, nais ng mga Duterte na mabawi ang pampulitika at pang-ekonomyang interes upang makabalik sa tuktok ng kapangyarihan.

Dahil nawalan na ng tiwala sa sistema ng halalan, karamihan sa taumbayan ay nagkakasya na lamang sa maliliit na pakinabang tulad ng pagbenta ng boto at pagtanggap ng mga panandaliang ayuda. Ang kakulangan ng pampulitikang kamalayan nang nakararami ay sinasamantala ng mga pulitiko upang patuloy na linlangin ang taumbayan at makapanatili sa poder para protektahan ang kanilang mga pansariling interes.



Ang pagbenta ng boto ay katumbas na rin ng pagpayag sa bulok na sistemang pinamumugaran ng korupsyon, pandarambong, pang-aapi at pagsasamantala. Dapat tandaang ang talamak na kahirapang dinaranas ng mamamayan ay dahil na rin sa paghahari ng bulok na sistemang pampulitika.

May magagawa ang mamamayan para isulong ang kanilang hinahangad na pagbabago. Kailangang isulong ng mga Pilipino ang **PULITIKA NG PAGBABAGO,** at malaki ang magiging papel ng halalang 2025 upang makamtan ito.

## 3) ANO ANG PULITIKA NG PAGBABAGO?

Ang **PULITIKA NG PAGBABAGO** ay ang sama-samang paglahok at pagkilos ng mamamayan sa iba't ibang larangan ng paglaban upang makamit ang tunay na panlipunang pagbabago.

Isang mahalagang larangan ng labanan ang pakikibakang elektoral. Kung demokratikong makakapamili ang mamamayan, maaari nilang maipanalo ang mga progresibong kandidatong tunay na kakatawan sa kanilang interes. Mayroon din silang kapangyarihang palitan o alisin sa pwesto sinumang talamak na kontra-mahirap at tiwaling namumuno.

Nangangahulugan ito nang pagboto batay sa rekord ng paglilingkod at plataporma ng tumatakbong kandidato o partido.

Iboto ang kandidato, indibidwal man o partido na nagsusulong ng mga sumusunod na reporma

## MGA REPORMA




***Pang-ekonomyang reporma***

Tunay na reporma sa lupa at modernisasyon ng agrikultura bilang tuntungan ng tunay na kaunlarang pang-ekonomya

- Pagtutol sa mga neoliberal na patakarang nagdudulot ng pagtatataas ng presyo ng bilihin at paghihirap ng mga Pilipino

- Pagpapataas ng sahod ng mga manggagawa, mahuhusay na kundisyon at seguridad sa paggawa
- Pagtutol sa mga tagibang na kasunduan at pandarambong sa kapaligiran at kalikasan, laluna ng mga dayuhan
- Maka-mamamayang pambansang badyet at mga patakarang direkta ang serbisyo sa mga tao




***Serbisyo at hustisyang panlipunan at pagtatanggol sa karapatan***

- Libre at mas malawak na serbisyong panlipunan laluna sa kalusugan, edukasyon at pabahay
- Pagwawakas sa laganap na pampulitikang panunupil, pasismo at terorismo ng estado
- Pagtatanggol sa mga demokratikong karapatan at kalayaang sibil laban sa panunupil
- Pagtatanggol sa karapatan ng mga kababaihan, LGBTQIA++ at katutubo



***Pampulitikang reporma***

- Pagtutol sa korupsyon at pandarambong
- Pagtutol sa mga dinastiyang pulitikal at pagsusulong ng mas demokratikong partisipasyon sa paggugubyerno tulad ng konseho ng mamamayan




***Pagtatanggol sa pambansang soberanya, patrimonya, kalayaan at kapayapaan***

- Pagtaguyod sa isang makabayang patakarang panlabas
- Pagtutol sa dayuhang presensya at interbensyong militar sa Pilipinas, laluna ng US at China
- Pagwawakas sa mga hindi pantay na kasunduan sa mga dayuhan
- Pagtataguyod ng diplomatiko at mapayapang resolusyon sa sigalot sa West Philippine Sea at South China Sea

## 4) ANO ANG MGA ILAN SA MGA REPORMANG ELEKTORAL NA ATING ISINUSULONG?


***Reporma sa sistemang party-list.*** Ang sistemang party-list ay isa sa mga maliliit na espasyong ibinigay ng Saligang Batas upang bigyang pagkakataon ang mga nasa laylayang sektor ng lipunan na magkaroon ng kinatawan sa Kongreso. Sang-ayon sa batas ng party-list, tanging ang mga pampulitikang partido at organisasyong tunay na kumakatawan sa mga *marginalized* ang dapat pahintulutang tumakbo.

Subalit maging ang kaunting puwang na ibinigay sa mga mahihirap upang magkaroon ng boses sa Kongreso ay inagaw na rin ng mga mayayaman at makapangyarihan. Sa isang pag-aaral, higit sa kalahati ng mga *party-list* na tumatakbo sa halalang 2025 ay hindi kumakatawan sa mga mahihirap na sektor. Karamihan sa mga tumatakbong party-list ay nagmula sa mga malalaking angkan sa pulitika, negosyo at militar na nagnanais na makakuha ng mas maraming upuan sa Kongreso sa pinakamadaling paraan.




- 55% NG PARTY-LIST AY HINDI PARA SA MAHIHIRAP (KONTRA-DAYA, 2025)
- 66% NG MGA NANALONG PARTY-LIST NOONG HALALANG 2022 AY MAY NOMINADONG GALING SA POLITICAL DYNASTY (PCIJ, DEC. 2024)

***Malinis, bukas, mapagkakatiwalaan at makatarungang prosesong elektoral (transparent and accountable).*** Sa kasalukuyang de-kompyuter na bilangan sa eleksyon, walang puwang para sa pagkilatis at pagkumpirma kung matapat na nabilang at na-canvass ang boto, at sa gayo'y bulnerable sa pandaraya o manipulasyon.




Isa sa mga panawagan ng taumbayan ay ang ***hybrid election system***, kung saan manu-mano ang bilangan sa presinto at automated ang transmission (pagpasa ng mga nabilang na boto) at canvassing. Sa pamamagitan nito, mananatiling mabilis ang proseso ng canvassing kung saan pinagdududahang nagaganap ang malawakang dayaan at pagkaantala, subalit itataguyod ang manu-manong proseso ng botohan sa presinto para makumpirma ang resulta ng awtomatik na proseso ng canvassing.


Ilan ding mga safeguards na makatwirang ipanawagan partikular sa proseso ng halalan ay ang mga sumusunod:

- Libreng pagbubukas sa publiko ng mga dokumentasyon ng proseso ng halalan tulad ng imahe ng mga balota, resibo ng pagboto o VVPAT (Voter Verification Paper Audit Trail) – insert picture ng VVPAT
- Random manual audit na bukas sa publiko ang proseso ng random selection ng presintong i-a-audit
- Pagkakataon upang makumpirma ng botante na tama ang pagbasa ng makina sa kanyang balota

Hindi lamang sa de-kompyuter o *automated* na bilangan nakokompromiso ang proseso ng halalan. Malaking salik din sa

manipulasyon ng boto ang militarisasyon laluna sa kanayunan. Dapat ding maging mapagmatyag ang taumbayan sa mga kaso ng karahasan, panunupil at Red-tagging laluna't tiyak ang pagtindi ng militarisasyon bago at sa panahon ng halalan.

***Pagbuwag sa mga dinastiyang pulitikal.*** Ang paghahari ng mga political dynasty ay patunay na ang kasalukuyang gubyerno ay pinatatakbo bilang negosyo. Pinahihina nito ang demokrasya lalo at nakakonsentra sa iilang angkan ang paggugubyerno ng bansa. Isa rin itong paraan ng mga naghahari para makapanatili sa kapangyarihan at makuha lahat ng dambong at pondo ng bayan para sa sariling interes. Dahil prayoridad ng mga dinastiya na maghari at masamsam lahat ng pwede nilang makurakot, wala itong intensyon na magbunsod ng mga tunay na solusyon para mapawi ang kahirapan at makamit ang kaunlaran. Ilang mga pananaliksik ang nagpapatunay na pinakamalala ang kahirapan sa mga prubinsyang may malalalim na impluwensya ng *political dynasties*, laluna sa kanayunan. Ang bangayan ng mga Marcos at Duterte ay bangayan ng mga pangunahing political dynasties sa bansa ngayon.




> 94% ng mga prubinsya sa bansa ay may political dynasty (Prof. Roland Simbulan, CenPEG)

# 5) BILANG MGA BOTANTE, PAANO NATIN ISUSULONG ANG PULITIKA NG PAGBABAGO?




- **Simulang isulong ang pulitika ng pagbabago sa pagboto ng nararapat at tamang kandidato.** Susi ang tamang pagboto kung tutol ang mamamayan sa pagtaas ng presyo ng bilihin, pagpapababa ng sahod, pangangamkam ng lupa, paglapastangan sa soberanya ng bansa, korupsyon, at karahasan.
- **Aktibong lumahok at maki-alam. Gamiting pagkakataon ang halalan upang lumahok sa pakikibaka ng mamamayan para sa kanilang kagalingan at karapatan.** Maging boluntir o kasapi ng mga organisasyon, o institusyon na nagdadala ng interes at plataporma ng mga nasa laylayan. Ikampanya ang mga kandidatong tunay na bumibitbit sa isyu ng taumbayan.
- Dumalo sa mga talakayan sa komunidad tungkol sa voter's education, poll watcher's training at iba pang oportunidad para mapalalim ang pag-unawa hindi lamang sa sistema ng halalan, kundi ng pangkalahatang sitwasyon at mga isyung kinakaharap ng bansa at anu-ano ang maiaambag natin sa pagsusulong ng pagbabago
- Alamin ang kandidato at ang kanilang plataporma, pinanggalingan, at trak rekord sa paglilingkod at pagsusulong ng pulitika ng pagbabago, kabilang ang kanilang tindig at pagkilos sa mga isyu. Manood o makinig sa mga debate ng mga kandidato at sumubaybay sa social media para lubusan silang makilala;
- Pangalagaan ang integridad ng boto at iwasan anumang maaaring makakakompromiso nito, tulad ng pagbenta ng boto at pagtanggap ng

panandaliang mga pabor kapalit ng boto;

- **Tandaan ang mga sumusunod na dapat gawin bago at sa aktwal na halalan**
  - Palaging makipag-ugnayan sa lokal na COMELEC, alamin ang kalendaryo sa eleksyon at maging mga panuntunan na ilalabas nito.
  - Pagdating sa presinto, dumiretso sa BEI para sa kopya ng balota. Kung sakaling may pila, huwag nang umalis para siguradong makaboto.
  - Alamin kung pang-ilang numero sa listahan ang mga ibobotong kandidato. Bentahe ito para sa mabilis na pagboto.
  - Iwasang matupi o malukot ang balota
  - Ang tanging gagamiting marker ay ang nakalagay sa presinto
  - Mag-ingat sa pag-*shade*. Hindi dapat lumagpas sa hugis *oblong* na mamarkahan




  - Iwasang masulatan/maguhitan ang balota, laluna sa bahaging may "bar code", upang tiyak na tanggapin ng makina
  - Siguruhin ang pagpili ng kandidato.
  - Huwag sobrahan ang boto. Isa lamang ang dapat iboto sa party-list
  - Bago isubo sa makina ang nasagutan/na-shade ang balota, muling rebyuhin ito para matiyak na na-shade ng mabuti ang mga napiling oblong katapat ng kandidato/PL na napili.
  - Matapos isubo ng botante ang kanilang balota sa makina,

ipoproseso at isi-save ang resulta ng ACM. Hintayin ang lalabas na resibo sa pagboto.

- Pagkatapos nito, ipapakita sa screen ang **ballot image** (15 segundo sa harap, 5 segundo sa likod) ang resulta para i-check kung tugma sa print na hawak.
- Kung sakaling sa unang pagsubo ng balota ay hindi tinanggap ng ACM, maaring ulitin ang proseso. Hanggang dalawang beses lamang pwedeng i-*feed* ang balota sa ACM. Kung sa pangalawang pagkakataon ay hindi ito tinanggap, ito ay *rejected ballot* na.
- Iulat sa Board of Electoral Inspectors at nakatalagang *poll watcher* ang hindi tinanggap na balota.
- Ang resibo ay ilalagay ng botante sa VVPAT receptacle. Pagkatapos nito, magpapalagay na ng indelible ink ang botante, tanda na tapos na itong bumoto.
- Maging mapagbantay at handa. Iulat anumang maobserbahang anomalya at kaso ng pandaraya, bago o matapos ang halalan. Maaaring iulat ng botante ang mga sumusunod:
    - Mga iligal na botante (hindi rehistrado; gamit ang pangalan ng iba; diskwalipikado sa pagboto)
    - Mga illegal na gawain (tulad ng pagaalok pagbayad, o pag-alok na mag-aambag ng pera kapalit ng boto)
    - Presensya ng mga armado sa loob at labas ng presinto (Sa labas ng presinto, dapat 50 metro ang distansya ng mga armado mula sa presinto). Kung itinalaga man ng COMELEC ang sundalo o pulis bilang BEI, wala dapat itong armas at mayroon din dapat itong sertipikasyon o patunay na sila ay itinalaga bilang BEI. Dapat ding makita ang kanilang pangalan, ranggo at yunit ng militar o pulis na kinabibilangan nila.
    - Mga namimigay ng sample ballot sa labas ng voting center o presinto. Ito ay bawal at isang anyo ng pandaraya

## 6) ANO ANG MAHALAGANG PAPEL NG MAMAMAYANG PILIPINO SA HALALANG 2025

**Isulong ang pulitika ng pagbabago! Higit sa pagboto ang tungkulin bilang Pilipino. Hindi dapat maging bayaran at alipin ang mga Pilipino na madaling linlangin ng mga nasa kapangyarihan. Patuloy na masasadlak sa paghihirap ang bansa kung pipiliing magkanya-kanya. Batid ng taumbayan na kapalit ng pagkakawatak-watak at pagbebenta ng boto ay ang kinabukasan ng kanilang mga anak at susunod pa nitong mga henerasyon.**

- Simulan ang pulitika ng pagbabago sa pagpapalakas ng pampulitika at pang-ekonomyang kakayanan ng mga komunidad. Kailangang pataasin ang kamulatan at pagkakaisa ng komunidad upang maipagtanggol ang kanilang mga karapatan, kagalingan at interes, gayundin ay matugunan ang kanilang mga lokal na problema. Makakamit ito sa pamamagitan ng edukasyon at pagbubuo ng kanilang mga organisasyon bilang bigkis ng kanilang pagkakaisa;
- Makipag-ugnayan sa iba't ibang organisasyon, simbahan, lokal na mga yunit ng gubyerno, *volunteer network,* mga institusyon para maglunsad ng mga inisyatiba para sa edukasyon at *empowerment* ng komunidad. Hikayatin ang mga kapitbahay, kaanak at kaibigan na lumahok sa mga talakayan ng iba't ibang usaping lokal at pambansa;
- Sumapi sa mga organisasyon at maging aktibo sa mga pagkilos, sa komunidad man o sa kalsada. Mahusay na pagkakataon ang panahon ng halalan upang isulong ng mamamayan ang kanilang mga pakikibaka at itulak ang mga kandidato na tumindig sa mga usapin ng mamamayan.



- Kritikal din ang gampanin ng mga kabataan sa halalang 2025. Taglay ang kanilang talino, lakas at lawak ng impluwensya laluna sa social media, maaari nilang pangunahan ang paglalantad sa dahas at pandarayang tiyak na kaakibat ng darating na eleksyon. Mataas ang hangarin ng

mga kabataang makapagboluntir o sumapi sa mga people's organization at iambag ang kanilang kasanayan para lumubog sa mga komunidad, alamin ang kalagayan ng mamamayan at pakilusin ang marami para sa kanilang interes at mga adhikain.

- Maging mapagmatyag sa mga kaganapan sa pulitika, laluna sa gitna ng tumitinding bangayan ng mga Marcos at Duterte para sa kapangyarihan. Maugong ang planong impeachment kay Sara Duterte, habang nariyan din ang mga pagtatangkang ikudeta ng mga Duterte si Pang. Marcos. Lumalaki ang posibilidad ng malawakang dayaan sa halalang 2025. Kailangang paghandaan ang pagdagsa sa kalsada upang ipakita ang nagkakaisang lakas ng mga Pilipino.

**Ang sama-sama at mulat na pagkilos ng mamamayan ang tunay na pwersang magbabago sa kapalaran ng bayang Pilipinas. Ang tunay na kaunlaran, kalayaan at kasaganaang hinahangad natin ay makakamit kung bayan muna ang pipiliin.**


cenpeg.org

Cen Peg

@Cenpeg_Inc

CENPEG INC

CenPEG